Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 9 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ........................................ Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ........................................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ........................................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ........................................ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ........................................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........................................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ........................................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................... Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ........................................ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ........................................ Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Heidi S. Ciriaco ........................................ Pang. Punong Bayan
Nasa lakad opisyal

*KAPASIYAHAN BLG. 283-T'2000*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA, NA MAGHAIN NG ISANG PANUKALANG BATAS NA MABIGYAN NG BENEPISYO ANG MGA NANUNUNGKULAN SA SANGGUNIANG BARANGAY PAREHO NG TINATANGGAP NG MGA NANUNUNGKULAN SA SANGGUNIANG BAYAN KATULAD NG BENEPISYO MULA SA GSIS (GOVERNMENT SERVICE AND INSURANCE SYSTEM), PAG-IBIG, TERMINAL LEAVE PAY, SICK LEAVE, VACATION LEAVE AT IBA PA BASE SA TAGAL NG KANILANG PAGLILINGKURAN AT HALAGA NG KANILANG TINATANGGAP NA HONORARIUM.*

*SAPAGKA'T*, maraming mga Punong Barangay, Kagawad at Ingat-Yaman ng Barangay ang nagsasakripisyong maglingkod kahit na napakaliit ng kanilang tinatanggap na honorarium lalung-lalo na ang mababang klasipikasyon ng pamahalaan;

*SAPAGKA'T*, ang pamunuan ng barangay ay marami ding tungkuling ginagampanan;

*SAPAGKA'T*, halos 24 ors sa isang araw ang serbisyo ng pamunuan ng barangay;

*SAPAGKA'T*, napakaliit ng honorarium kumpara sa dami ng trabaho at tungkulin ng pamunuan ng barangay;

*SAPAGKA'T*, dapat lamang na magkaroon sila ng benepisyo pagkatapos nilang magsakripisyo bilang mga lingkod bayan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, Louie C. de Leon at Jeffey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna, na maghain ng isang panukalang batas na mabigyan ng benepisyo ang mga nanunungkulan sa Sangguniang Barangay pareho ng tinatanggap ng mga nanunungkulan sa Sangguniang Bayan tulad ng mga benepisyo mula sa GSIS (Government Service Insurance System), Pag-ibig, Terminal Leave Pay, Sick Leave, Vacation Leave at iba pa base sa tagal ng kanilang paglilingkuran t halaga ng kanilang tinatanggap.

(Karugtong ng Kapasiyahan Blg. 283-T'2000)

-02-

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagpangulo

PINAGTITIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan